Fact sheet 9 – Mga order ng impormasyon sa classified na pasyente [Classified patient orders] at mga order ng impormasyon sa pang-forensic na pasyente [forensic patient information orders]

Chapter 7A ng *Mental Health Act 2000 itinataguyod ang mga pag-proseso na nauugnay sa* :

- Classified patient information orders (CPIO) at
- Forensic patient information orders (FPIO).

Ang mga probisyon ay naglalayon na tiyakin na ang mga biktima ay may patuloy na pag-access sa nauugnay na impormasyon kapag ang isang tao na may karamdaman sa pag-iisip ay nalihis mula sa criminal justice system sa mental health system sa ilalim ng *Mental Health Act 2000*.

Classified Patient Information Orders

Paano nagawa ang CPIO?

Ang Direktor ng Mental Health [Director of Mental Health] ay ang nagpapasya sa mga application para sa CPIO. Ang isang CPIO ay maaaring magawa nang nauugnay sa isang classified na pasyente na kinasuhan ng paglabag o isang classified na pasyente na nahatulan ng pagkakulong

Sino ang karapat-dapat upang mag-apply para sa isang CPIO?

Kung ang classified na pasyente ay kinasuhan na isang paglabag, ang application ay maaaring magawa ng:

- isang direktang biktima ng naturang paglabag
- ang magulang o tagapangalaga ng direktang biktima, kung ang direktang biktima ay isang taong wala pa sa hustong gulang o may isang ligal na kawalang-kakayahan
- isang malapit na miyembro ng pamilya ng direktang biktima, kung ang direktang biktima ay namatay bilang resulta ng naturang paglabag.

Kung ang isang classified na pasyente ay kasalukuyang bumubuno ng sintensya ng pagkakulong, ang application ay maaaring magawa ng isang tao na rehistrado upang tumanggap ng impormasyon tungkol sa isang bilanggo sa ilalim ng *Batas sa Mga Serbisyo sa Pagwawasto [Corrective Services Act 2006].*

Anong impormasyon ang maaaring maibigay?

Ang impormasyon na maaaring maibigay sa ilalim ng isang CPIO ay kinapapalooban ng abiso ng:

- ang pagkakapiit ng pasyente bilang isang classified na pasyente
- ang pagpapahintulot o pag-bawi ng pagpapahintulot Direktor sa limitadong community treatment para sa pasyente, at mga kundisyon ng limitadong community treatment na naaangkop sa kaligtasan ng pasyente
- ang pagliban ng pasyente nang walang pahintulot o pagbalik mula sa pagliban nang walang paghintulot

- ang paglipat ng pasyente sa isa pang pinahintulutang mental health service
- ang pagtigil na katayuang classified ng pasyete, at ang dahilan at petsa ng pagtigil.

Ang Batas ay nagbabawal din ng ilang impormasyon na ibinigay sa ilalim ng isang CPIO. Halimbawa, ang mga detalye sa tirahan ng pasyente at impormasyon sa paggamot at pangangalaga sa pasyente ay hindi maaaring maibigay.

Forensic Patient Information Orders

Paano nagawa ang isang FPIO?

Ang Tribunal sa Pagrepaso ng Kalusugang Pangkaisipan [Mental Health Review Tribunal] ang nagpapasya ng mga application para sa FPIO.

Sino ang karapat-dapat upang mag-apply para sa isang FPIO?

Ang mga sumusunod na tao ay may isang awtomatikong karapatan na mag-apply para sa isang FPIO:

- ang isang direktang biktima ng isang inaakusahang paglabag
- ang magulang o tagapangalaga ng direktang biktima, kung ang direktang biktima ay wala pa sa hustong gulang o may isang ligal na kawalang-kakayahan
- isang malapit na miyembro ng pamilya ng direktang biktima, kung ang direktang biktima ay namatay bilang .
  resulta ng naturang paglabag

Bilang karagdagan, ang isang tao ay maaaring mag-apply para sa isang FPIO kung ang Tribunal ay nakumbinse na ang taong iyon ay may sapat na pansariling interes sa pagkuha ng impormasyon tungkol sa pasyente.

Anong impormasyon ang maaaring maibigay?

Ang inpormasyon na maaaring maibigay sa ilalim ng isang FPIO ay kinapapalooban ng abiso ng mga sumusunod:

- na ang isang pagsusuri ng Tribunal sa forensic order ng pasyente ay maisasakatuparan
- ang pagbawi o pagkumpirma ng forensic order para sa pasyente, isang order na nagbibigay ng pahintulot o bumabawi ng isang pahintulot para sa LCT para sa pasyente, at mga kundisyon ng LCT na may kaugnayan sa kaligtasan ng tao.
- ang pagliban ng pasyente na walang pahintulot o pagbalik mula sa pagliban nang walang pahintulot
- ang paglipat ng pasyente sa iba pang pinahintulutang mental health service
- ang paglipat ng pasyente sa ilalim ng isang kasunduan na sumasaklaw sa dalawa o higit pang estado o pahintulot na umalis sa Queensland
- ang pagtigil na katayuang forensic ng pasyete, at ang dahilan at petsa ng pagtigil.

Ang Batas ay nagbabawal din ng ilang impormasyon na ibinibigay sa ilalim ng isang FPIO. Halimbawa, ang mga detalye tirahan ng pasyente at impormasyon sa paggamot at pangangalaga sa pasyente ay hindi maaaring maibigay.

Ano ang mga ?

Ang taong ginawan ng isang CPIO o FPIO ay nakarehistro sa . Ang mga pag-rehistro ay naitatag sa Sistema ng Impromasyon para sa Batas sa Kalusugang Pangkaisipan [Mental Health Act Information System].

Ang Direktor ng Mental Health ay nangangasiwa ng mga at may pananagutan para sa pagbibigay ng impormasyon sa mga rehistradong tao. Gaya ng nakasanayan, ang impormasyon ay ipinapaalam sa mga rehistradong tao sa pamamagitan ng Serbisyo ng Queensland sa Pagsuporta ng Biktimang Pangkalusugan [Queensland Health Victim Support Service].

Ang Queensland Health Victim Support Service ay isang pang-estadong paglilingkod na nagbibigay ng impormasyon at suporta sa mga biktima ng mga nagkasalang may karamdaman sa kaisipan.

Ano ang mga proteksyon upang maprotektahan ang impormasyon ng pasyente?

Ang isang taong naka-rehistro para tumanggap ng impormasyon sa ilalim ng CPIO o FPIO ay dapat na lumagda ng isang garantiya na nagsasabing hindi maaaring ibunyag ang impormasyon para ipakalat sa publiko. Maaaring matalakay ng isang tao ang impormasyon sa mga indibidwal sa kanilang pansariling support network, gayunpaman, ang hayagang pagbubunyag ng impormasyon (hal. sa pamamagitan ng media o internet) ay nagbibigay ng dahilan para mabawi ang order.

Kung ang isang aplikante nagtalaga ng isa pang tao upang tumanggap ng impormasyon sa kanilang ngalan, ang itinalaga ay dapat ding lumagda sa garantiya.

Karagdagang Impormasyon

Queensland Health Victim Support Service
Telepono: 1800 208 005

Mental Health Act Liaison Officer
Mental Health Branch
Queensland Health
GPO Box 48
BRISBANE Q 4001

Telepono: 1800 989 451 o 07 3234 0417

Email: mha2000@health.qld.gov.au
Web: www.health.qld.gov.au/mha2000